

1

Mabilis ang tipa ng mga daliri ni Misha sa kanyang keyboard. Hectic na naman ang schedule nila nang linggong iyon. Marami silang kliyenteng darating sa *Amazon Solace*, ang exclusive country club na pag-aari ni Reian Soledad-Villaraza.

Tatlong araw nang kulang sa walong oras ang tulog ni Misha.

“Kailan kaya matatapos ang kalbaryo ko?” narinig niyang tanong ni Maureen sa sarili. Isa ito sa mga sekretaryang kasama niya.

Sa loob ng dalawang taong kasama niya ang dalaga ay masasabi niyang okay ang performance nito. Siya ang senior executive assistant sa opisina ng mga Soledad. May shares din doon ang mga pinsan ni Reian na sina Danie at Noelle.

“Hindi ka pa ba nasanay, Mau?” tanong niya rito habang patuloy ang pagtipa sa keyboard. “Ang tagal na natin itong trabaho, ah.”

“Eh, kasi naman...”

“Kung tutuusin, mas magaan pa nga ang trabaho

natin ngayon kumpara noong nagsisimula pa lang kayo,” aniya, patuloy pa rin sa pagtipa.

“Magaan ba ito?” ani Mau, sabay turo sa isang tambak ng mga papeles na kailangan nang i-review.

“At least ngayon, wala nang nagta-tantrums na Reian Soledad,” giit pa niya.

Mula kasi nang magkaayos ang kanilang boss na si Reian at ang asawa nitong super guwapo na si Trek Villaraza ay nag-mellow na ang ugali nitong sobrang pasaway.

Umingit ang pinto ng kanilang opisina at dahil doon ay napatunghay si Misha mula sa monitor. Isang matangkad at guwapong lalaki ang iniluwa ng pintuan. Nakasuot ito ng branded na shades at matikas na naglalakad palapit sa kanila, suot ang isang black leather jacket. Tingin niya, malapit nang tumili sina Maureen at Ellen dahil sa ultimate hunk na nasa harapan nila ngayon.

Ano kaya ang ginagawa ng lalaking ito dito? ani Misha sa sarili.

Hindi siya mapakali sa mga nagsisibulang tanong sa kanyang isip habang nakatulala pa rin sa lalaki. At hindi rin matapus-tapos ang pagta-tumbling ng puso niya sa kinalalagyan niyon.

Tinanggal ni Augie ang suot na salamin at saglit na pinasadahan ng tingin ang tatlong pinto ng tatlong private offices sa suite na pinasukan niya. Pagkatapos ay tumingin siya kay Misha at ngumiti—his sweetest smile.

Former high school classmates sila ni Misha noong nakatira pa ang mga ito sa Batangas, hometown ng kanyang ama. At hindi niya makakalimutan na naging close din sila. Close enough for him to have planted a kiss on her lips one unforgettable night.

Nagalit ito nang sobra sa kanya pagkatapos, but that was a very long time ago. Siguro naman ngayon ay humupa na ang galit nito.

“Hello, Misha. Good to see you after all these years,” bati ni August Santander.

He eyed Misha from head to foot. Kung mayroon mang ipinagbago ang dalaga, para sa kanya, ay lalo lamang itong gumanda.

Nakamulagat lang ang babae sa kanya. Her eyes were still the same. They reflected amazement. He loved how those two brown irises of hers always seemed to twinkle. And her lips—how he loved to stare at those plump lips.

Gustung-gusto rin niyang tinititigan ang bilugang mga mata nito. He could easily read her mind ang feelings just by looking at her very expressive eyes. Ang ilong nito ay maliit at may katangusan, perpekto para sa maliit nitong mukha at mapupulang labi. Malalantik ang pilik nito at makapal ang mga kilay na maayos ang pagkakakurba.

Hindi pa rin sumasagot si Misha.

“Should I believe that you’ve actually erased me from your memories? Ganoon na ba talaga kalaki ang galit mo sa akin at ayaw mo na akong maalala?” Nangungunot ang noo ng lalaki. “How’s your mom, by the way?”

Hindi pa rin makakibo si Misha.

Nagpatuloy si August. “Sorry if I’m being rude, but to refresh your memory...”

Bago pa mahulaan ni Misha ang gagawin ng lalaki ay nakalapit na ito sa kanya. Hinapit nito ang kanyang baywang at kasunod niyon ay ang paglapat ng mga labi nito sa nakaawang niyang bibig.

And because she was too shocked to react ay nagawa ni Augie na patagalin pa ng ilang segundo

ang paghalik sa kanya. Nang mag-angat ito ng ulo ay nakangiti itong tunitig sa kanya.

Ooops... he did it again.

At heto na naman siya at na-shock uli sa halik ng binata. He still had the same soft lips and she wanted to drown herself in his kisses.

Hoy, Mishael, gaga ka talaga! Ano ba ang iniisip mo?

“God, I missed your lips,” usal nito sa kanyang tainga at saka lang siya nahulasan.

Marahas niya itong itinulak.

“August Santander.” Hindi siya makapaniwala na mas naging katakam-takam pa ito sa paningin niya.

Kung noong high school ay halos hindi magkamayaw ang puso niya tuwing nagpapanama ang kanilang mga mata, ngayon ay tila mauupos na siya dahil sa sobrang bilis at lakas ng tibok ng kanyang puso.

His smile.

Augie. Augie, paulit-ulit na usal ng isip niya.

Hindi niya alintana ang dalawang pares ng mga matang matamang nanonood sa eksena.

Ang kanyang mukha ay naging parang hinog na kamatis. Hindi dahil sa galit o hiya, kundi dahil sa epekto ng halik ng lalaki. Para siyang inalipin nito.

“Nakakadalawa ka na sa ’kin, bastos ka! Baka gusto mong—”

Itinaas ni Augie ang dalawang kamay nito na parang isang kriminal na nasukol ng pulis. “Whoa. Wait lang, ikaw naman, na-miss lang naman kita nang sobra.”

“What are you doing here? May kailangan ka ba kay Miss Noelle?” Ang marketing strategist ng country club ang tinutukoy niya. Private Investigator si August at may ipinahawak na kaso rito si Noelle dati.

“Ikaw ang kailangan ko.”

Kumunot ang noo niya. At ano naman kaya ang posibleng atraso niya rito para sadyain siya ng lalaki?

Maybe because you kicked him hard in the groin when he first kissed you?

“At bakit mo ako kailangan?”

“About that, mas magandang pag-usapan natin iyan sa ibang lugar. Iyong tayong dalawa lang,” suhestyon nito.

Nag-isip siya. Imbestigador ang dating kaklase—ibig sabihin—ang trabaho nito ay mag-spy, maghalungkat ng sekreto ng kahit na sinong tao na ipinatatrabaho ng kung sinong may pera. Sa natatandaan niya, wala sa ganoong linya ang mga negosyo ng pamilya nito.

So bakit iyon ang piniling career ni Augie? Matalino ito, sikat kahit noong nasa high school pa lang. Bukod sa guwapo, mabait din ito, at gentleman—puwera na nga lang noong bigla siyang halikan nito.

Isa lang ang naiisip niyang dahilan kung bakit gusto nitong mag-usap sila. Kailangan siya ng lalaki para sa trabaho nito. Gagawin pa yata siyang espiya.

“Bakit?” tanong niya.

“Anong bakit na naman?”

“Why are you a private investigator? Bakit hindi ka na lang tumulad sa pamilya mo na kung hindi mayayamang businessmen, eh, mga galanteng pilantropo?” usisa niya.

Napailing ito, nangingiti. “Misha, Honey, I never wanted to become like my family. Mas gusto ko ang maghanap ng mga nawawala. Kaya nga nahanap kita,” masuyong bigkas nito.

May sumundot sa kanyang puso. Parang gusto niyang kiligin nang husto sa mga sinabi nito.

“Hindi ako nawawala, Mr. Santander,” papormal niyang sagot.

“Nawala ka sa paningin at sa buhay ko. Ang tagal-tagal kitang hinanap. Nagkataong may taong gusto ka ring makita at ako ang inupahan para hanapin ka,” pagkuwan ay seryosong-seryoso nitong saad.

“Ang cheesy!” sabay na tili nina Maureen at Ellen.

“Hindi araw-araw na nakakapanood kami ng ganito. Mas maganda pala kapag live mong nakikita ang naririnig kaysa sa mapanood sa sinehan,” komento ni Maureen.

“Heh! Tumigil kayo d’yan!” bulyaw niya.

Binalikan niya ang kanyang ginagawa dahil kailangan niyang umupo at baka tuluyan siyang matumba.

Samantala ay tumanghod ang lalaki sa kanyang mesa na lalong ikinailang niya.

“Ano ba?” asik niya rito. Lumawak ang ngiti nito.
“Bakit ba?”

“Lunch time na. Halika, samahan mo akong

kumain. Gutom na ako,” anito, sabay hila sa kanyang kamay.

Pilit siyang pumiksi pero hindi siya makawala rito. Wala na siyang nagawa nang segundahan nina Maureen at Ellen ang lalaki.

“Kami na ang bahala rito, Sir,” sulsol ni Ellen.

Mga traydor!

At talagang itinaboy pa siya ng dalawa palabas ng opisina para samahan si August na kumain.

Habang naglalakad papunta sa diner ay hindi niya naiwasang maalala ang gabing naranasan niya ang kanyang unang halik courtesy of the sinfully handsome man walking beside her. Pinalis niya ang alaala sa isip. She should not be dwelling on the past anymore.

“What do you want to eat?” untag nito sa kanyang nagliliwaliw na isip.

Napatingin siya sa mukha nito, pinasadahan ang magagandang mata ng lalaki. She always felt vulnerable whenever he stared at her. Bagay na bagay rito ang makapal na kilay. Sunod niyang pinag-aralan ang matangos nitong ilong at ang mapupulang labi.

“Hey, is there a problem?” tanong nito.

“Ha?”

“I asked kung may problema ba. Kanina ka pa kasi nakatulala. Ano ba’ng tinititigan mo?” tanong uli nito.

Umiling siya saka napangiti. Nahalata kaya ni August na ito mismo ang tinititigan niya?

“Ano’ng gusto mo?” tanong nito habang tinitingnan ang menu list na ibinigay ng maître d’ ng diner.

She opened her mouth to speak. Hindi na niya kailangan ang menu list para tingnan kung ano ang masarap kainin sa diner. Sa loob ng tatlong taong pagtatrabaho niya sa country club ay halos natikman na niya ang lahat ng house specialty na ino-offer ng kainang iyon at nakabisa na rin niya ang gusto ng kanyang panlasa.

Sinabi niya ang kanyang order at ibinigay rin ni Augie ang napili nito.

While waiting for their food, it was August’s turn to examine Misha. Hindi niya akalain na pagkatapos ng napakahabang panahon ng hindi pagkikita ay magiging ganito ang reaksyon ng kanyang katawan sa dalaga.

Yes, crush niya noon si Misha. Binalak pa nga niya noon na ligawan ito, pero hindi na niya itinuloy dahil hindi siya nito pinapansin. At para maambunan man lang ng kaunting atensyon galing dito ay inasar niya ito. Iyon lang ang naisip niyang paraan para pansinin siya nito.

Lihim siyang napangiti nang maalala ang gabing hinalikan niya ang kaharap. Nakakuha siya ng magandang pagkakataon para makasama ito nang matagal-tagal. Mabuti na lamang at nagpaunlak ang ina ni Misha sa kanyang paanyaya na sa kanilang bahay maghapunan. Napangiwi rin siya nang maalala ang sakit ng pagkakatuhod ng dalaga sa kanyang pagkalalaki dahil sa kanyang kapangahasan.

It was a sweet memory. Nalalahan niya ang matamis at nakakalangong labi ng dalaga. He grinned inwardly.

At kanina, sa opisina mismo nito, ay hindi niya napigil ang sarili na muling tikman ang mga labi nito na maraming taon niyang hinanap-hanap.

Ang akala niya ay ganoon pa rin ang magiging epekto nito sa kanya—nakalalango. But he was mistaken. Nakaaadik na ito. At kung wala lang silang kasama kanina sa opisina ay hindi niya ito titigilan.

Ipinahatid ni Misha ang natitirang trabaho sa hotel room niya. Kasama sa privileges niya sa paggiging assistant ni Danie ang pagkakaroon ng accommodation doon. Dati ay nasa staff house siya, pero simula nang ma-hire sina Maureen at Ellen ay ang dalawa naman ang umokupa roon.

Pagod niyang inihilata ang kanyang likod sa malambot na kama. Ginhawa ang dulot ng air con sa silid niya. Noon ay hindi man lang nila naranasan iyon ng kanyang mama. Bumalik sa kanyang balintataw ang kanilang pinagdaanan.

Pagkatapos niyang maka-graduate ng high school ay nagpasya siyang tumigil muna sa pag-aaral. Na-diagnose kasi na may malubhang sakit sa puso ang kanyang ina. Lumipat sila sa Biñan, Laguna—malayo sa mga kamag-anak at pamilya ng mama niya.

Sa Laguna ay nagtrabaho siya bilang service crew sa isang fastfood chain. Matapos ang isang taon, pumanaw rin ang mama niya dahil sa komplikasyon ng sakit nito.

Matapos niyang maihatid ang ina sa huling hantungan ay mag-isa na lang siyang umuwi sa kanilang inuupahang bahay. Iyon na ang huling

pagkakataon na nagkaroon siya ng contact sa mga kamag-anak at pamilya sa side ng mama niya.

Dahil high school lamang ang kanyang natapos, nahirapan siyang maghanap ng permanenteng trabaho. Lumipat siya ng inuupahan para mas makatipid sa mga gastusin. Naghanap din siya ng iba pang puwedeng part-time job at pagkakakitaan.

Nakatapos siya ng kolehiyo sa tulong ng scholarship grant na sinusupportahan ng mga magulang ni Danie. Dahil din doon ay nagkakilala sila ng dalaga. At nang itayo ng magpipinsan ang country club, tinawagan siya ni Danie at inalok na maging executive assistant nito roon.

Nag-relocate siya mula Laguna patungong Camiguin at mula noon, doon na siya namalagi. Kinalimutan na niya ang kanyang nakaraan, lalo na ang pagiging anak sa labas ng lalaking hindi niya kailanman nakilala—which brought her back to the issue of August.

Napangiti siya nang mapakla nang maalala ang pag-uusap nila ng binata. It was a good thing na tapos na silang kumain nang ungkatin niya ang dahilan ng biglang pambubulabog nito.

“Bakit ka ba nandito sa Camiguin? I thought tapos

na ang trabahong ipinapagawa sa 'yo ni Miss Noelle?" tanong niya.

"Didn't you consider na baka gusto lang kitang makita ulit?"

"Puwede ba, Augie? Wala akong panahong makipaglokohan. So can you please—"

"Mish, this is about your father. Ipinapahanap ka niya," putol nito sa sasabihin niya.

Pagkatapos niyon ay walang-imik niya itong iniwan sa diner.

Napaigtad siya sa biglaan at malakas na pag-ring ng kanyang telepono.

Eskandaloso!

She had just turned on her phone. Alam niyang ibibigay nina Maureen at Ellen ang number niya kay August, at kung hindi, may paraan ang binata para malaman iyon. It was his job, after all—gathering information. Kaya pagkaalis niya sa diner ay ini-off niya agad ang gadget.

"What the hell, Misha? Bakit mo ini-off ang phone mo?" halos bulyaw nito.

Nagrigodon ang kanyang puso. Kilalang-kilala

niya ang boses na iyon.

“Misha?” untag nito. “Are you there? Are you okay?” Kontrolado na nito ang sarili.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata at hinayaang ihele siya ng malamyos na tinig ni Augie.

Augie...

“Are you okay?” Halata na ngayon ang pag-aalala sa boses nito. It warmed her heart. “Bakit ba ang tagal mong sagutin ang phone mo? Why turn it off in the first place? Pinag-aalala mo ako, bigla ka na lang umalis d’un sa diner at hindi ka na bumalik sa opisina mo,” patuloy ng lalaki.

“Bakit ka napatawag?”

“Answer the damn question first, Mishael!” Mataas na ulit ang tono nito.

Aba at ito pa ang may ganang magalit samantalang ito ang nambubulabog sa pananahimik niya sa kanyang lungga.

“Ano ba’ng problema mo, Augusto?” Medyo tumaas na rin ang kanyang boses dahil sa iritasyon.

“I’m so damned worried kung nakauwi ka nang maayos. I wanted to check on you, but you were

unreachable. "Tapos, when you finally answered, I heard a long sigh, which could only mean that you're not all right," litanya nito.

"I'm fine. Hindi mo kailangang mag-alala."

"Mabuti naman." Kumalma na muli ang tono nito. "Misha, about what I told you earlier—"

"Please, Augie, ayokong pag-usapan."

"But—"

"I said no, okay? Bakit ba ang kulit ng lahi mo, Santander?" Narinig ni Misha ang malutong na pagtawa ng lalaki sa kabilang linya.

"I know it's been a shock, kaya hindi ko ipipilit. But I will pick you up tomorrow at nine. I want to see you again," saad nito.

"May trabaho ako, Santander, baka nakakalimutan mo."

"Mish, I've talked to the Soledads, pumayag na silang mag-off ka bukas. At buong panahong naririto ako." Naroon ang kayabangan sa tono nito.

Naghimagsik ang kanyang damdamin.

"Hoy, lalaki! Sino ka para pakialaman ang work schedule ko?"

Deeply In Love - Kriss Dela Roca

“You know me already, I’m August Santander. Matulog ka na para makapagpahinga ka, Honey. Dream of me, okay?”

At nawala na ito sa linya. Napamaang siya sa cell phone na hawak niya.

Yeah, right! *Malaswang dream.*

Misha giggled despite herself.

2

True to his word, pagbaba ni Misha para pumasok sa opisina nang araw na iyon ay nasa lobby na ng hotel si Augie.

Pagkakita sa kanya ay hinaklit nito ang kamay niya at hinila siya palabas ng hotel. Gusto sana niyang pumalag mula sa mahigpit nitong pagkakahawak pero hindi niya magawa dahil sa kakaibang init ang nananalaytay sa magkalapat nilang balat. At gusto niya ang pakiramdam niyon.

“Augie...” usal niya.

“Ano ba ang hindi malinaw sa pinag-usapan natin kagabi?” tiim-bagang na saad nito.

“I didn’t agree to see you again. At kailangan kong pumunta sa opisina to bring these files,” aniya, itinaas sa mukha nito ang mga folders na dala.

Naihilamos ng lalaki ang kamay nito sa mukha.

“Fine, pero pagkagaling natin d’un ay mag-uusap tayo.”

Nag-init ang ulo niya dahil sa pagmamando nito.

“Hoy!” Pumiksi siya sa hawak ng lalaki at tinusok ng hintuturo ang balikat nito. Madiin, pero parang hindi man lang ito nasaktan. Ramdam niya ang tigas ng kalamnan nito at hayun na naman ang kanyang lukaret na utak—nagsimula na uling mangarap ng kung anu-anong bagay na nagpainit sa kanyang mukha. “Sino ka para manduhan ako? Boyfriend ba kita? Hindi naman, ah. Hindi rin kita kapatid o kamag-anak, kaya wala kang karapatan para utusan ako at sabihin kung ano ang dapat kong gawin!” angil niya, at naglakad palayo rito.

Pero wala pang tatlong segundo ay pigil-pigil na uli siya ni Augie.

“I may not be your boyfriend, Misha. But I’m the closest thing to a relative you have. Ako lang ang mayroon ka sa ngayon.” He was so close she could feel his warm breath.

Her skin was tingling from the masculine scent brought by his nearness. Gusto niyang mahimatay dahil sa lakas ng kaba ng kanyang dibdib. Nanghihina ang kanyang mga tuhod.

Maipapahiya niya ang sarili kapag hindi pa ito lumayo sa kanya dahil gustung-gusto na niyang hilahin ang batok ni Augie at halikan ito sa mga labi.

Maghunos-dili ka, Misha!

“Hindi mo ’ko kailangang samahan sa opisina,” giit niya, kumawalang muli sa hawak nito.

“You have five minutes. I’ll wait downstairs. Kapag hindi ka agad bumalik, aakyatn kita d’un at bubuhatin kita pababa,” banta nito.

He could see that Misha was sexually attracted to him—and he was equally attracted to her.

Bakit ba kasi naging ganoon kaganda ang dating kaklase? Hindi tuloy niya maiwasang maakit dito. Her skin was so soft and smooth.

Kailangan niyang pigilan ang sarili. May dahilan kung bakit niya hinanap si Misha. Iyon ang priority niya. Iyon *dapat* ang inuuna niya. Saka na ang iba pang dahilan.

Earlier, he had wanted to close the little distance between them and give her a lingering kiss. Pero pinigilan niya ang sarili.

Narinig niyang bumukas ang pinto ng elevator at iniluwa niyon si Misha. Mukhang natakot ito sa banta niya. Gawin kaya niya iyon palagi?

Hinawakan niya ang palad nito at iginiya ito palabas ng office building.

“Saan ba tayo pupunta?” tanong nito.

“Gutom ka na ba? Gusto mong kumain muna?”

Umiling ito. “Okay lang ako. Nag-breakfast ako sa room ko kanina bago ako bumaba.”

Naglakad-lakad sila sa country club, nadaanan nila ang mag-asawang Trek at Reian. Mukhang pilit na sinusuyo ni Trek ang babae.

“Lagi ba silang ganyan?”

Nilingon siya ni Misha. “You have no idea. Halos magpatayan ang dalawang iyan bago nagkatuluyan,” anito, nakatingin sa mag-asawa.

“Ikaw, may ka-love story ka na ba?” untag ni Augie.

Sukat doon ay ibinaling nito ang tingin sa kanya.

Nagsimulang mag-init ang mukha ni Misha dahil sa pagkakatitig ni Augie. Kahit gusto niyang umiwas ng tingin ay hindi niya magawa dahil parang magnet ang mga mata nitong humahatak sa kanya para manatiling nakatitig din dito. She could sense his

desire to kiss her, lalo na nang bumaba ang tingin nito sa kanyang mga labi. Unti-unting lumapit ang mukha nito sa kanyang mukha at alam niyang kaunting segundo na lang ay maglalapat na ang kanilang mga labi.

“Augie!” narinig niyang sigaw ng isang super excited na boses.

Natauhan si Misha. The shrill voice broke the magic that was surrounding her and Augie. Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses at nakita si Janette Miranda, isa sa mga guests ng *Amazon Solace*. Maganda ito, pangmodelo ang katawan. Walang lalaking hindi maaakit sa alindog nito.

The woman enveloped Augie in a very tight hug. Matapos niyon ay nilamukos nito ng halik ang mga labi ng lalaki. It was a very deep kiss at bumangon ang inis niya dahil mukhang nag-e-enjoy ang kumag sa ginagawa ng malanding babae.

“What are you doing here?” patiling tanong ng babae pagkatapos.

Pasimpleng inalis ni Augie ang mga bisig ni Janette na nakapulupot sa leeg nito. Napansin nito ang matalim na tinging ipinupukol ni Misha.

“I have some business here,” simpleng sagot ng

binata.

“You should have told me, para naman nagsabay na lang tayo galing Las Vegas papunta rito,” ungot nito.

“Janette, I need to go. My business here is walking away from me,” narinig ni Misha na paalam ni August sa babae.

Inis niyang binilisan ang paglalakad palayo sa mga ito. Hindi niya nagustuhan ang paglingkis ng babaeng anaconda sa binata. Iyon si Janette, isang napakalaking anaconda na handang lamunin nang buong-buo si Augie.

Feeling yata ng dalawang 'yun, eh, maganda silang tingnan, nakakasuka kaya!

“Misha, wait...” habol ni Augie. “Sandali lang.”

“Bakit mo iniwan ang anacondang iyon?” asik niya.

“You’re jealous.” Nakakaloko itong ngumisi.

Lalo niyang ikinainis ang pagngisi nito.

“At bakit ako magseselos, aber? Sino ka ba sa buhay ko? Hindi ako nagseselos, 'no!”

“Hindi?” Tumango siya. “Hindi talaga?”

“Ano’ng gusto mo, magselos ako?”

“What if I want you to be jealous?”

Umirap siya at hinawakan nito ang kamay niya, mahigpit, as if he didn’t want to lose her. Para siyang batang mawawala sa gitna ng maraming tao sa isang three-day sale sa isang malaking mall.

“Augie...” mahina niyang sambit.

Lumingon ito. “Yes?”

“Y-you can let go of my hand,” sabi niya.

Napatingin ito sa magkahawak nilang kamay bago ibinalik ang mga mata sa kanyang mukha. Ngumiti ito nang malawak sa kanya.

“I don’t want to. Hayaan mo na lang na hawak ko ang kamay mo, baka kasi mawala ka.” Tumingin ito sa unahan.

“Hindi na ako mawawala dito sa *Solace*. Three years na akong nagtatrabaho rito. Kabisado ko na ang mga lugar dito,” giit niya, pero lalo lamang humigpit ang hawak nito.

“Augie—”

“Just let it be, Misha,” tila pakiusap nito. “You asked me before kung bakit ako naging private

investigator? Ikaw ang dahilan.”

“Ako? Bakit ako?” Mauubos yata ang hangin sa kanyang baga. Hindi niya kinakaya ang mga salitang namumutawi sa bibig ng lalaki.

Binitawan nito ang kanyang kamay pero lumipat lang ang palad nito sa kanyang pisngi. He then pressed his forehead against hers.

“Misha, hindi mo alam kung ano ang pinagdaanan ko nang umalis ka sa Batangas. Hindi ko alam kung bakit, basta ang alam ko, kailangan kitang makita. For so many years, sa lahat ng lugar na pinuntahan ko, ikaw ang hinahanap ko. Obsession ko na yata ang mahanap ka. Ang galing mong magtago.”

“Hindi ako nagtago, Augie. Kailangan lang talaga naming umalis ni Mama doon. Parusa sa akin ang manatili roon.” Bumuntong-hininga siya. Hinawakan niya ang kamay nitong nasa pisngi niya at ibinaba iyon. “Now, you’re here, telling me na ipinapahanap ako ng papa ko. All of a sudden, gusto mong maniwala ako na may pakialam siya sa ’kin? What if I don’t care, August? Paano kung sabihin kong bumalik ka d’un at sabihin mo sa kanya na hindi ko na siya kailangan?” Umagwat siya sa lalaki at naglakad palayo rito.

“He’s still your father, Misha.”

“Wala akong tatay. Putok ako sa buho, di ba?”
The sourness in her tone was very evident. “Sino ba talaga ang nag-hire sa ’yo para hanapin ako?”

Humugot ito ng malalim na hininga. “About that, ang tatay mo ang may kahilingan na makita ka. Pero ang nag-hire sa akin para hanapin ka ay ang mga kapatid mo.”

“Bakit pa? Sigurado akong hindi kawalan sa buhay nila kung hindi nila ako matagpuan,” she said in a sarcastic tone.

Ano pa ba ang gusto ng pamilya ng kanyang ama? Hindi naman siya mayaman. At isa pa, nananahimik siya at malayo sa mga ito para manggulo.

“Mish...” Muling dumantay ang palad ni Augie sa kanyang kamay.

Napatingin siya rito. His eyes were filled with so much concern.

“What?” asik niya rito. Ayaw niya ng kinaaawaan siya.

“I understand why you want to act indifferent. Pero sana ay bigyan mo ng pagkakataon ang sarili mo na maramdaman ang pagmamahal ng mga kapatid mo,” suhestyon nito. “And there’s the issue of your

dad, too.”

Naningkit ang kanyang mga mata sa tinuran nito pero wala siyang nagawa kundi ang bumuntong-hininga. “Let’s not talk about it, Augie. Nakakapagod pag-usapan ang tungkol sa tatay ko.”

Nagkibit-balikat ito. “Okay, I won’t say anything this time. But you cannot run away from this issue for the rest of your life.”

“Alam ko. Pero, please, huwag ngayon,” pakiusap niya.

Tumango si Augie.

Marahil ay nararamdaman nito ang bigat ng kanyang kalooban sa tuwing nababanggit ang tungkol sa kanyang pinagmulan.

Lumaki siyang walang tatay, ni sustento sa pang araw-araw na gastusin mula rito ay hindi nila naranasang mag-ina. Mahirap maging tampulan ng tukso dahil sa pagiging anak sa labas.

“I’m sorry kung ako pa ang naging kasangkapan para sumama ang loob mo. Hindi ko gustong unghatin ang nakaraan pero kailangan.” Hawak pa rin nito ang kanyang kamay.

Muli niyang sinipat ang mukha nito, pagkatapos

Deeply In Love - Kriss Dela Roca

ay ang kamay nitong nakahawak sa kanyang palad.
Sana ay palagi niyang maramdaman ang init niyon
na nakabalot sa kanya.